# Doctrinal Mastery sa Aklat ni Mormon: Assessment 2

**ALMA – MORONI**

## Mga doctrinal mastery reference

Para sa mga tanong 1–3, isulat ang letra ng katumbas na reference sa patlang sa tabi ng bawat parirala. Mangyaring huwag gamitin ang iyong mga banal na kasulatan sa bahaging ito ng assessment.

| Mahahalagang Parirala | Mga Scripture Reference |
|---|---|
| _______ 1. "Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay dalisay na pag-ibig ni Cristo." | a. Alma 39:9 |
| | b. Alma 41:10 |
| _______ 2. "At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso." | c. Moroni 7:45–48 |
| | d. Helaman 5:12 |
| _______ 3. "Huwag nang sundin pa ang pagnanasa ng iyong mga mata." | e. Alma 7:11–13 |

## Mahahalagang parirala ng banal na kasulatan

Para sa mga tanong 4–6, punan ang mga nawawalang salita sa mahahalagang parirala ng doctrinal mastery. Mangyaring huwag gamitin ang iyong mga banal na kasulatan sa bahaging ito ng assessment.

4. "[Magtatanong] nang may __________________ na puso, na may tunay na __________________, na may pananampalataya kay Cristo. . . . At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, __________________ ninyo ang katotohanan ng lahat ng bagay." (Moroni 10:4–5)

5. "Sa __________________ na ating __________________ . . . ninyo kailangang itayo ang inyong __________________." (Helaman 5:12)

6. "Wala kayong matatanggap na __________________ hangga't hindi natatapos ang __________________ sa inyong __________________." (Eter 12:6)

## Aplikasyon sa mga sitwasyon sa tunay na buhay

Maaari mong gamitin ang iyong mga banal na kasulatan para sa natitirang bahagi ng assessment.

Para sa mga tanong 7–9, tumukoy ng isa o mahigit pang doctrinal mastery passage mula sa Alma hanggang Moroni na makatutulong sa isang tao sa mga sumusunod na sitwasyon. Ipaliwanag kung bakit mo pinili ang (mga) passage na pinili mo.

7. Gustong malaman ng isang dalagitang nag-aaral ng tungkol sa Simbahan kung ano ang dapat niyang gawin para sundin si Jesucristo.

8. Hindi nauunawaan ng kaibigan mo ang kahalagahan ni Jesucristo at tinatanong ka niya kung ano ang nagawa Niya para sa atin.

9. Gustong malaman ng isang binatilyo kung paano niya matatanggap ang tulong at lakas ng Diyos para maprotektahan siya mula sa mga tukso ni Satanas.

## Mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman

Para sa mga tanong 10–11, ipakita ang iyong kaalaman at kakayahan sa paggamit ng mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman.

10. Paano mo ipaliliwanag sa isang tao ang sumusunod na mga alituntunin ng pagtatamo ng espirituwal na kaalaman?

    a. Kumilos nang may pananampalataya.

    b. Suriin ang mga konsepto at tanong nang may walang-hanggang pananaw.

    c. Hangaring mas makaunawa sa pamamagitan ng sources na itinalaga ng Diyos.

11. Kung minsan, pakiramdam ng isang dalagita na masyadong mahigpit ang mga kautusan ng Diyos. Iniisip niya kung magiging mas masaya ba siya kung mamumuhay na lang siya sa anumang paraan na sa tingin niya ay pinakamaganda.

    Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

    a. Anong mga partikular na bagay ang maaaring gawin ng taong ito para kumilos nang may pananampalataya?

b. Paano makatutulong sa kanya ang pagtingin sa sitwasyong ito nang may walang-hanggang pananaw?

c. Ang mga doctrinal mastery passage ay mga halimbawa ng sources na itinalaga ng Diyos. Anong (mga) doctrinal mastery passage ang maaaring makatulong sa sitwasyong ito? Paano?

12. Sa 12 doctrinal mastery passage na napag-aralan mo sa pangalawang bahagi ng Aklat ni Mormon, anong doctrinal mastery passage ang partikular na nakatulong o naging makabuluhan sa iyo? Bakit?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD60013873_893_524-teacher_handout-1